

ANG TASK FORCE SA PANDEMYANG CORONAVIRUS (COVID-19) NG NEW JERSEY PARA SA HINDI PAGKAKAPANTAY-PANTAY SA LAHI AT KALUSUGAN

Task Force Toolkit para sa
Testimonya ng Publiko

Oktubre - Disyembre 2022



PANIMULA

Hinayag at pinalala ng pandemyang COVID-19 (COVID-19) ang patuloy na hindi pagkakapantay-pantay sa lahi at kalusugan sa buong bansa. Ang mga indibiduwal mula sa mga komunidad na may ibang lahi at iba pang marginalized na mga populasyon ay hindi proporsyon na naapektuhan, at bilang resulta, ay nagkaroon ng mas mataas na pasanin ng COVID-19.

Para maunawaan nang mas malinaw kung paano hindi proporsyon na naapektuhan ng COVID-19 ang mga minority at marginalized na komunidad sa New Jersey, ini-sponsor ng mga miyembro ng Kapulungan na sina Shavonda Sumter, Angelica Jimenez at Linda Carter ang lehislasyon para magtatag ng task force na susuri sa hindi pagkakapantay-pantay sa lahi at kalusugan na may kaugnayan sa COVID-19. Isinabatas ang lehislasyon na ito ng Gobernador na si Murphy noong Hunyo 11, 2021.

Ginawa ng batas ang Task Force sa Pandemyang Coronavirus Disease (COVID-19) ng New Jersey para sa Hindi Pagkakapantay-pantay sa Lahi at Kalusugan (ang Task Force), na binubuo ng Departamento ng Kalusugan ng New Jersey (New Jersey Department of Health). Ang Task Force ay binubuo ng 23 miyembro, kasama ang 14 na miyembro ng publiko na itinalaga ng Gobernador, pinili ang ilan sa kanila batay sa mga rekomendasyon mula sa Lehislatura, at ang iba ay batay sa mga kinakailangan na itinakda sa lehislasyon. Ang natitirang siyam ay mga miyembrong May Katungkulan mula sa iba't ibang may kaugnayang mga departamento ng estado. Kinakatawan ng mga miyembro ang iba't ibang kadalubhasaan at mga pinagmulang lahi at etniko.

Misyon nito na magbigay ng partikular na mga rekomendasyon sa Gobernador at Lehislatura para bawasan ang kawalan ng pagkakapantay-pantay na dulot at pinalala ng COVID-19 at para maiwasan ang mga nasabing hindi pagkakapantay-pantay sa hinaharap.

Bago magbigay ng mga rekomendasyon, ia-assess ng Task Force kung paano at bakit naapektuhan ng pandemya ang mga minority at mga komunidad sa New Jersey na mataas ang panganib sa pasanin, pati rin ang panandalian at pangmatagalang mga kahihinatnan para sa mga komunidad na ito.

Para magawa ito, ang Task Force ay gustong humingi at makatanggap ng testimonya mula sa mga residente ng New Jersey mula sa lahat ng minority at mga komunidad na mataas ang panganib sa pasanin batay sa kanilang mga karanasan sa panahon ng COVID-19.

TUNGKOL SA TOOLKIT AT KUNG PAANO ITO GAGAMITIN

Kailangan ng Task Force ang inyong mungkahi para matagumpay na bumuo ng mga rekomendasyon na tumutugon sa mga hindi pagkakapantay-pantay sa lahi at kalusugan habang nauugnay ang mga ito sa COVID-19 sa New Jersey. Gagamitin namin ang inyong mga kuwento at ideya para mabigyan ng kaalaman ang mga rekomendasyon ng Task Force na isusumite sa Gobernador at Lehislatura ng New Jersey sa Marso 2023.

Dinisenyo ang toolkit na ito para tulungan kayo sa dalawang paraan:

- 1) Bilang isang tao na naapektuhan ng COVID-19, maaari kayong bigyan ng toolkit na ito ng mga ideya sa kung paano ibibigay ang inyong testimonya.
- 2) Para sa mga stakeholder, tagapangasiwa at mga convenor, makakatulong ang toolkit na gabayan ang mga usapan sa inyong mga komunidad, iba pang mga organisasyon, at mga indibiduwal tungkol sa mga hamon na naranasan sa panahon ng COVID-19. Pagkatapos, maaari mong isumite ang impormasyong nakuha sa mga usapan na ito sa pamamagitan ng pagsulat, bilang pagkatawan sa mga komunidad na pinaglilingkuran mo.

Sa loob ng toolkit, may makikita kang impormasyon tungkol sa limang pillar na pagtutuunan ng pansin ng lehislatibo na namamahala ng Task Force. Makakahanap ka rin ng mga tanong na makakatulong para gabayan ang iyong personal na mga testimonya o mga usapan sa komunidad.

TATLONG OPSYON PARA MAGBIGAY NG TESTIMONYA

1) Sa Personal. Personal na dumalo ng pampublikong pagdinig* at magbigay ng mga berbal na komento (limitado sa tatlong minuto) sa isa sa mga sumusunod na lokasyon:

- Rutgers-Camden Campus
 - Lokasyon: Campus Center, Multipurpose Room 326
Penn St., Camden, NJ 08102
 - Petsa: Miyerkules, Nobyembre 2, 2022
 - Oras: 4:30 pm – 8:00 pm

- Rutgers-Newark Campus
 - Lokasyon: Rutgers New Jersey Medical School, Lecture Hall B552
185 South Orange Ave., Newark, NJ 07103
 - Petsa: Miyerkules, Nobyembre 9, 2022
 - Oras: 4:30 pm – 8:00 pm

- New Brunswick
 - Lokasyon: DCF Training Academy
30 Van Dyke Ave., New Brunswick, NJ 08901
 - Petsa: Sabado, Disyembre 3, 2022
 - Oras: 10:00 am – 1:00 pm

* Isi-stream nang live ang lahat personal na pampublikong pagdinig bilang mga sesyon na pakikinggan lang para matiyak na mapapakinggan ng mga indibiduwal ang iba pang mga miyembro ng komunidad. Ang pakikinig sa iba pang mga miyembro ay maaaring bigyan ka ng inspirasyon para magbigay ng sarili mong testimonya sa isa pang pampublikong pagdinig (sa personal o sa virtual na paraan) o magsumite sa pamamagitan ng pagsulat. Maaaring ma-access ang mga pagdinig sa sumusunod na link: <https://linktr.ee/njcovid>.

2) Sa virtual na paraan. Dumalo sa pampublikong pagdinig sa pamamagitan ng virtual na paraan at magbigay ng mga berbal na komento (limitado sa tatlong minuto):

- Pagpupulong sa pamamagitan ng Zoom

- Link: <https://us06web.zoom.us/j/85656596288>
- Petsa: Disyembre 6, 2022
- Oras: 4:30 pm – 8:00 pm
- Impormasyon sa pagtawag: US: +1 929 436 2866 US
+1 646 931 3860 US
+1 301 715 8592 US
- ID ng Pagpupulong7: 856 5659 6288

3) Nakasulat. Ang iyong mga nakasulat na komento o mga komentong kinolekta mo ay maaaring isumite sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng email sa njcdtf@doh.nj.gov. Iminumungkahi naming limitahan ang iyong mga nakasulat na komento sa tatlong pahina. Mangyaring isumite nang hindi lalampas sa *Biyernes, Disyembre 16, 2022*. Maaari rin naming ipadala sa koreo ang iyong mga nakasulat na komento sa sumusunod na address; dapat matanggap ang mga komento sa parehong deadline:

New Jersey Department of Health
Office of Minority and Multicultural Health
55 N. Willow St., 4th Floor
P.O. Box 360
Trenton, New Jersey 08625-0360
Attention: Aracely Macias

MGA PILLAR

Ang mga pillar na nasa ibaba ay tinutukoy ang saklaw ng lehislatibo na namamahala ng Task Force. Tutulong ang mga ito na gabayan ang mga paksa ng testimonya. Partikular kaming interesado sa mga kuwento at ideya mula sa minority at marginalized na mga komunidad ng estado na tutulong para alisin ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa lahi at kalusugan at susuportahan ang iba't ibang hanay ng mga indibiduwal at komunidad na hindi proporsyon na naapektuhan ng COVID-19, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga komunidad ng iba't ibang lahi, mga rural na komunidad, mga taong may mga kapansanan, at mga nasa hustong gulang na may edad na 65+ na taon.

Pakibahagi ang iyong mga kuwento at ideya para sa tagumpay sa ilalim ng bawat pillar. Maaari mong piliing magtuon ng pansin sa isang pillar, maraming pillar, lahat ng lima, o wala.

Para sa mga stakeholder, pakibahagi ang limang pillar at may kaugnayang mga tanong nang maaga para tulungan ang iyong komunidad na maghanda para sa usapan.

1. **Mga Sistema ng Data:** Paano mapapahusay ang mga umiiral na sistema ng data para matiyak na kasama sa impormasyong nakolekta na may kaugnayan sa mga impeksyon at pagkamatay dahil sa COVID-19 ang partikular na lahi, etnisidad, at mga tumutukoy sa demograpiko?
2. **Komunikasyon sa Kalusugan:** Paano mapapaganda ang komunikasyon, pagmemensahe, at pagpapakalat ng impormasyon tungkol sa pagsusuri, contact tracing, pagbabakuna, at iba pang may kaugnayan sa mga pamamaraan sa kalusugan ng publiko sa panahon ng COVID-19 para maging mas mahusay?

Ano ang mga pinakamagandang kasanayan, mga oportunidad para sa mga ibinahaging serbisyo, o mga posibleng pagtutulongan na daragdagan ang komunikasyon ng impormasyon at mga materyal sa pangangalagang pangkalusugan, kasama ang sa maraming wika?

3. **Nakaraan at Kaugnay sa Sistemang Mga Hindi Pagkakapantay-pantay:** Ano ang nakaraan at kaugnay sa sistemang mga hindi pagkakapantay-pantay sa lahi at etnisidad na nagpalala sa bilang ng pagkamatay sa minority at marginalized na mga komunidad ng estado sa panahon ng

COVID-19? Bakit hindi proporsyon na naapektuhan ng COVID-19 ang mga komunidad na ito? Ano ang mga panandalian at pangmatagalang kahihinatnan?

4. **Mga Panlipunang Tagasaad ng Kalusugan:** Anong mga kondisyon sa mga kapaligiran kung saan nakatira, nag-aaral, nagtatrabaho, naglalaro, at sumasamba ang mga tao ang nakaapekto sa kanilang mga panganib sa kalusugan at mga kinahinatnan na kaugnay sa COVID-19? Maaaring kasama rito ang, ngunit hindi limitado sa mga kondisyon na nakahadlang at nakapigil sa kakayahan ng indibiduwal para mag-quarantine o mag-isolate sa panahon ng COVID-19, at ang mga kondisyon na nakaapekto sa pamamahagi ng mga mapagkukunan, kasama ang mga kagamitan para sa personal na proteksyon at pagkain.

Paano negatibong nakaapekto ang COVID-19 sa mga kondisyon sa mga kapaligiran na ito at ano ang mga naging kinahinatnan? Kasama rito ang, ngunit hindi limitado sa kakulangan ng access sa mga serbisyo sa pangangalaga ng bata at ang paglaganap ng karahasan sa intimate partner.

5. **Kalagayan ng Kalusugan ng Katawan/Isip at Mga Hindi Pagkakapantay-pantay sa Pangangalagang Pangkalusugan:** Ano ang mga isyu kaugnay sa kalidad ng, at access sa paggamot at mga serbisyo sa kalusugan ng katawan at isip sa panahon ng COVID-19? Ano ang epekto sa kalusugan ng katawan at isip ng mga mahalagang empleyado mula sa minority at marginalized na mga komunidad ng estado?

MGA KARAGDAGANG OPSYON PARA SA MGA STAKEHOLDER/ORGANISASYON

Nasa ibaba ang ilan sa mga halimbawa ng mga uri ng mga kaganapan ang maaari mong i-host para magbigay ng kaalaman at hikayatin ang mga indibiduwal na magsumite ng kanilang mga sariling indibiduwal na testimonya, o para mangolekta ng impormasyon na kaugnay sa mga komunidad na pinaglilingkuran mo. Magpasya kung paano ka mangongolekta ng impormasyon nang maaga para madali mo itong maisumite sa pamamagitan ng pagsulat sa amin o ibahagi ito sa pampublikong pagdinig.

Mag-host ng Watch Party

Isi-stream nang live ang lahat ng personal na pampublikong pagdinig bilang [pakikinggan lang](#). Maaaring tipunin ng mga stakeholder ang kanilang mga tagasuporta at mag-host ng watch party para hikayatin ang paglahok sa kanilang mga komunidad. Mabibigyan nito ng inspirasyon ang mga miyembro ng komunidad para magkakahiwalay na dumalo sa pampublikong pagdinig sa hinaharap (kung mayroon) at magbigay ng mga berbal na komento o isulat ang kanilang mga sariling kuwento at testimonya at magsumite ng mga nakasulat na komento sa Task Force bago ang deadline. Maaari ring pahintulutan ng watch party ang mga komunidad na magtipon at magsulong ng matibay na mga talakayan ng grupo tungkol sa mga isyu na tinutugunan. Maaari itong makuha ng stakeholder/organisasyon at isumite sa pamamagitan ng pagsulat sa Task Force bago ang deadline.

Mag-host ng Talakayan

Ang pag-host ng roundtable, panel discussion o hindi pormal na pag-uusap ay nagsusulong ng pakikipag-ugnayan at maaaring patibayin ang mga talakayan at interes na may kaalaman. Ang mga kaganapan na ito ay maaaring virtual, personal o kombinasyon ng parehong ito. Kapag nagho-host ka ng sarili mong pagtitipon, maaari mong gamitin ang mga Pillar (nasa itaas) at Mga Tanong (nasa ibaba) para gabayan ang iyong mga usapan.

Magpasya kung paano ka mangongolekta at kukuha ng impormasyon mula sa mga talakayan. Pagkatapos ng iyong talakayan, pakisumite ang iyong mga kuwento at ang feedback mo. Gawing partikular ang mga ito hangga't maaari. Pakibahagi ang iyong mga tugon sa email sa njcdtf@doh.nj.gov nang hanggang Biyernes, Disyembre 16, 2022, para matiyak na matatanggap ang mga ito. Kapag isinumite mo ang iyong

mga tugon, isama ang pangalan ng iyong organisasyon (kung naaangkop), kung saan ginanap ang iyong pagtitipon, ilarawan ang bilang ng mga miyembro sa grupo mo at pangkalahatang paglalarawan kung sino ang naroon (iyon ay, mga miyembro ng komunidad mula sa partikular na bayan, mga tagapagtaguyod, doktor, atbp.).

MGA HALIMBAWANG TANONG PARA TULUNGAN ANG IYONG TESTIMONYA/TALAKAYAN

- Paano nakaapekto ang COVID-19 sa iyo, sa iyong pamilya, o sa komunidad mo: ang mga lugar o mga kapaligiran kung saan ka nakatira, nag-aaral, nagtatrabaho, naglalaro, sumasamba, at edad?
- Anong mga hakbang ang gusto mong makitang gawin ng pamahalaan para tugunan ang mga isyung ito?
- Sa palagay mo ba nakaapekto ang iyong lahi at/o etnisidad sa access mo sa impormasyon, pagsusuri, pagbabakuna at/o pangangalagang pangkalusugan na may kaugnayan sa COVID-19?
- Sa anong mga paraan maaaring mapaglingkuran nang mas mabuti ng pangangalagang pangkalusugan ang marginalized na mga komunidad sa panahon ng pandemya?
- Paano maaaring maging mapagkukunan ang mga miyembro ng komunidad sa panahon ng krisis?
- Naging biktima ka ba ng scam/panloloko kaugnay sa COVID-19? Kung oo, pakilarawan.
- Ano ang iyong mga mungkahi para sa mga pinakamagandang kasanayan na magagawa ng mga indibiduwal/stakeholder/organisasyon/employer para paghandaan ang mga krisis sa kalusugan ng publiko sa hinaharap?